## Pansamantalang Proteksiyon mula sa Deportasyon Para sa mga Hindi Pagkakasundo sa Trabaho

Kung ikaw ay isang dayuhang manggagawa na sangkot sa isang imbestigasyon o kaso sa trabaho, ang mga ahensiya ng gobyerno sa paggawa ay maaaring makatulong.

Pinoprotektahan ng California ang lahat ng manggagawa anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon. Hindi namin ibinabahagi ang iyong katayuan sa imigrasyon sa iyong employer o mga opisyal sa imigrasyon.

Kung minsan, ang pederal na mga awtoridad sa imigrasyon ay nagbibigay ng "prosecutorial discretion," na nangangahulugan sa ilang kaso ay nagbibigay sila ng pansamantalang proteksiyon mula sa paglilitis ng deportasyon.




Makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa prosecutorial discretion sa mga FAQ ng Department of Homeland Security.

Maaaring suportahan ng mga ahensiya sa Paggawa ang iyong kahilingan sa Department of Homeland Security para sa prosecutorial discretion sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang sulat, na kilala bilang "Pahayag ng Interes," sa panahon ng isang aktibong imbestigasyon sa paggawa o pagkilos sa pagpapatupad.

Hindi lahat ng kaso ay magiging kwalipikado. Pakitingnan ang mga sumusunod na FAQ para sa higit pang impormasyon:

- Tanggapan ng Labor Commissioner
- Lupon ng Mga Ugnayan sa Paggawa na Pang-agrikultura
- Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho

Makipag-usap sa isang abugado sa imigrasyon upang alamin kung ang prosecutorial discretion o iba pang tulong sa imigrasyon ay maaaring maging isang opsyon para sa iyo. Ang Kagawaran ng Serbisyong Panlipunan ng California ay nagpaskil ng isang listahan ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa imigrasyon.

SCAN ME